Long Beach Vital Records
Paghiling ng Katibayan ng Kamatayan

PAGIGING KARAPAT-DAPAT AT KINAKAILANGANG IMPORMASYON

Upang mag-apply, kailangan ninyo ng:

- May bisang pagkakakilanlang may larawan (ibig sabihin, Lisensiya sa Pagmamaneho o Pasaporte)
- Form ng Aplikasyon para sa Katibayan ng Kamatayan
- Paraan ng Pagbabayad
- Buong pangalan ng tao tulad ng nakalagay sa Katibayan ng Kamatayan
- Petsa ng Kamatayan
- Lugar ng Kamatayan

SINO ANG PUWEDENG HUMILING NG KATIBAYAN NG KAMATAYAN?

- Magulang o legal na tagapangalaga
- Mga partidong inatasan ng hukuman
- Mga ahensiya ng mga alagad ng batas o pamahalaan
- Mga itinalagang may karapatan sa bisa ng abogado, o tagapagpaganap ng estado ng ipinarerehistro
- Anak, lola/lolo, apo, kapatid, asawa, o domestic partner
- Sinumang ahente o empleyado ng establisimyento ng punerarya

MGA PARAAN NG PAG-APPLY

Paghiling Online

1. Gamit ang inyong smartphone o tablet, i-scan ang QR code o bisitahin kami sa longbeach.gov/deathrecords
2. Sagutan ang online na form, pumili ng paraan ng pagpapadala, at bayaran ang fee
3. Tanggapin ang kumpirmasyon kapag naaprobahan at handa na ang inyong order.

Paghiling nang Personal

2525 Grand Ave.
Long Beach, CA 90815

Lunes - Biyernes
8am-4pm
(Sarado nang 12:00pm hanggang 1:00pm)

Walk-in lang. Walang appointment

- Inaabot nang 7 hanggang 10 araw ng negosyo ang paghiling nang personal
- Kunin o ipapadala sa inyo sa koreo ang sertipiko (katibayan ng kamatayan)

Paghiling sa Koreo:

IPADALA SA KOREO ANG PAPELES AT TSEKE SA:

Long Beach Department of Health and Human Services c/o Vital Records
2525 Grand Ave.
Long Beach, CA 90815

**** Maglaan ng hanggang 2-3 linggo para sa pagtanggap ng inyong hinihiling na dokumento***

1. **Sinagutang Aplikasyon ng Katibayan ng Kamatayan** (makukuha sa longbeach.gov/deathrecords)
2. **Sinumpaang Salaysay** (nilagdaan sa harap ng Notaryo)
3. **$24 na tseke o money order** (na ibabayad sa **Long Beach Department of Health and Human Services** (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Long Beach).
   *HINDI tatanggap ng CASH

562.570.4305 | vitalrecords@longbeach.gov
longbeach.gov/vitalrecords

LONG BEACH HEALTH & HUMAN SERVICES

Long Beach Vital Records
Paghiling ng Katibayan ng Kamatayan

MGA BAGAY NA KADALASANG ITINATANONG (FAQ)

PUWEDE BA AKONG HUMILING NG KATIBAYAN NG KAMATAYAN PARA SA ISANG TAONG NAMATAY NANG HIGIT ISANG TAON NA ANG NAKALILIPAS?

- Ang Long Beach Vital Records Program (Programa para sa Mahahalagang Rekord ng Long Beach) ay puwedeng magproseso ng mga katibayan ng kamatayan nang kahit kasintagal ng taong 2005.
- Puwede kayong makakuha ng rekord bago ang taong 2005 sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa LA County Recorder's Office (Tanggapan ng Tagarekord ng LA County):

(800) 201-8999

lavote.gov/home/recorder

12400 Imperial Hwy Norwalk, CA 90650

MAGKANO ANG KATIBAYAN NG KAMATAYAN?

KATIBAYAN NG KAMATAYAN	**$24.00** kada kopya

Para sa impormasyon tungkol sa mga fee o babayaran, pakibisita ang website sa longbeach.gov/deathrecords o gamitin ang QR code.

ANO ANG IBA'T IBANG URI NG KATIBAYAN NG KAMATAYAN?

SERTIPIKADONG AWTORISADONG KOPYA (CERTIFIED AUTHORIZED COPY)	• Makukuha lang ng mga awtorisadong tao • Kung hihiling sa pamamagitan ng koreo, kailangang may lagda at kompleto ang isang sinumpaang salaysay na naghahayag na, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, ang humihiling ay awtorisado ng batas na kumuha ng sertipikadong kopya.
SERTIPIKADONG KOPYA NG IMPORMASYON (CERTIFIED INFORMATION COPY)	• Kung hindi makakukuha ang humihiling ng awtorisadong kopya sa ilalim ng batas ng California, may opsiyong kumuha ng Sertipikadong Kopya ng Impormasyon • Walang bisa ang di-pormal na Sertipikadong kopya upang magtaguyod ng pagkakakilanlan at para LANG ito sa pagbibigay ng impormasyon. • Hindi kailangan ng sinumpaang salaysay.

ANONG URI NG PAGBABAYAD ANG TINATANGGAP NINYO?

- Cash (Hindi kami tumatanggap ng bill na mas malaki sa $20)
- Credit/Debit Card (Hindi tinatanggap ang American Express at Discover card)
- Tsekeng ibabayad sa Long Beach Department of Health and Human Services
- Money order na ibabayad sa Long Beach Department of Health and Human Services

562.570.4305 | vitalrecords@longbeach.gov
longbeach.gov/vitalrecords

LONG BEACH HEALTH & HUMAN SERVICES